New Jersey Economic Development Authority (Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey)
Programang Activation, Revitalization, and Transformation (A.R.T., Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon)
Yugto II – Produktong Pagpapatupad ng Pampublikong Espasyo
ABISO SA PAGKAKAROON NG PAGPOPONDO

Sisimulan ng New Jersey Economic Development Authority ("NJEDA" [Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey] o "Authority") ang pagtanggap ng mga aplikasyon para sa mapagkumpitensyang programa ng gawad, Programa ng Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon Yugto II – Produkto ng Pag-activate ng Pampublikong Espasyo sa **Martes, Setyembre 26, 2024, sa ganap na 10:00 AM EST.**

Tatanggapin ang mga aplikasyon sa itinakdang panahon at magsasara sa **Lunes, Nobyembre 25, 2024 sa ganap na 5:00 PM EST.**

Maa-access ang aplikasyon sa: Programang Activation, Revitalization, and Transformation (A.R.T., Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon) Programa - Yugto II - NJEDA

Gagawing available ng Programa ang mga gawad sa pagitan ng $100,000 at $500,000 sa mga karapat-dapat na nonprofit na organisasyon na may 501c (3), 501c (6), o 501c (19) na status batay sa pag-score.

Layunin at Pangkalahatang Ideya

Ito ay isang kompetitibong programang gawad na proaktibong maglalabas ng 15 milyon upang buhayin ang mga pagsusumikap ng pagtatalaga sa komunidad sa pamamagitan ng paglikha ng mga inisyatiba ng pag-activate ng pampublikong espasyo, gaya ng inilalarawan sa ibaba, sa pamamagitan ng paggamit ng sektor na pansining at pangkultura ng New Jersey bilang malikhaing puwersa para sa pagbabago, partikular na sa mga downtown ng mga piling munisipalidad. Ang mga downtown at pangkomersyong corridor ay may ginagampanang mahalagang papel sa parehong panlungsod at rural na heograpiya, na nagsisilbi bilang mga makina ng ekonomiya para sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng kapangyarihan sa mga negosyante, paglikha ng mga hub na pangkultura, at pagbuo ng yaman ng komunidad. Tutulong ang Programang ito sa pagbangon at patuloy na pahuhupain ang epekto ng pandemyang COVID-19 sa ekonomiya ng mga komunidad na ito sa pamamagitan ng mga pagsusumikap sa pagtatalaga na nakatuon sa sining at kultura na lumilikha ng kitang nagpapanatili ng trabaho para sa mga Main Street at komunidad ng New Jersey sa pamamagitan ng paghihikayat ng pagdaan ng mga tao sa mga pinaka-naubusan ng tao na mga komersyal na corridor sa New Jersey.

Pagpopondo

Gagamitin ng Programa ang $15 milyon sa inilaang pagpopondo mula sa American Rescue Plan ("ARP") Coronavirus State and Local Fiscal Recovery Funds ("SLFRF") sa pamamagitan ng FY 2023 Budget Appropriations Act (P.L. 2022, c.49) na tinukoy bilang, "Arts Support and Placemaking Grant Program", na itatalaga sa Economic Recovery Fund ("ERF"). Susuportahan ng mga pondo ang mga aktibidad ng pagtatalaga na namumuhunan sa mga komunidad upang bumuo ng mga matatag na bayan at imprastruktura sa buong estado.

Ang potensyal na halaga ng gawad ay nakabatay sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng pagpopondo; pinananatili ng NJEDA ang karapatang madagdagan ang dami na iyon at bilang ng mga gawad kung magiging available ang mga karagdagang pondo.

Mga Kinakailangan para sa Pagiging Karapat-dapat

Ang mga karapat-dapat na aplikante ay mga nonprofit na organisasyon na may 501c (3), 501c (6), o 501c (19) na status. Ang mga munisipalidad, gobyerno, at for-profit na entidad ay **hindi** karapat-dapat na mag-apply, bagaman ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ng Estado na isa sa mga karapat-dapat na nonprofit na organisasyon ay karapat-dapat Ang sinumang Aplikanteng nakatanggap ng gawad mula sa Yugto I ng Programang A.R.T. ay hindi karapat-dapat para sa Yugto II ng Programa. Limitado ang mga aplikasyon sa isang aplikasyon kada EIN.

Ang mga aplikante ay kinakailangang maging nasa mabuting katayuan sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development (Kagawaran ng Paggawa at Pagpapaunlad ng Puwersa ng Paggawa) at New Jersey Department of Environmental Protection (Kagawaran ng Proteksyon sa Kapaligiran) (gaya ng inilalarawan ng parehong Kagawaran), ay hindi naka-default sa iba pang pinansyal na tulong ng NJEDA, bago maaprubahan. Upang maging karapat-dapat, kailangan ding magbigay ang mga Aplikante ng kasalukuyang tax clearance certificate sa panahon ng aplikasyon (ngunit napapailalim sa cure gaya ng inilalarawan sa ibaba) upang ipakitang talagang nasa mabuting katayuan ang aplikante sa New Jersey Division of Taxation.

Ang lahat ng proyekto ay sasailalim sa pagsunod sa nananaig na iniaatas sa sahod at apirmatibong aksyon ng Authority at sa Public Works Contractor Registration Act ((N.J.S.A. 34:11-56.48 et seq.), na nag-aatas sa lahat ng contractor, subcontractor o mga subcontractor na nasa mas mababang antas (kabilang ang mga subcontractor na nakalista sa mungkahi para sa bid) na nagbi-bid sa o nakikibahagi sa pagganap sa anumang pampublikong gawain sa New Jersey na magparehistro sa NJ Department of Labor and Workforce Development..

Mapapailalim ang mga gawad sa mga pederal na kinakailangan sa Pagdodoble ng mga Benepisyo. Ang mga aplikante ay hindi maaaring nakatanggap ng pagpopondo mula sa estado o pederal na pamahalaan upang suportahan ang katulad na gastusin na tinukoy sa mga gastos sa proyekto sa panahon ng aplikasyon at kakailanganing magsumite ng sertipikasyon ng Duplications of Benefits sa panahon ng aplikasyon. Ang mga pag-apruba ay magdedepende sa pagsusuri sa pagiging makatwiran ng gastos na rerepasuhin bago aprubahan at ilabas ang mga pondong gawad. (Mangyaring tingnan ang diskusyon sa ibaba hinggil sa "Pinagkukunan at Paggamit".)

Mga Iniaatas ng Programa

Sa panahon ng pagsusumite ng aplikasyon, kailamgang sertipikahan at ipaliwanag ng mga aplikante ang kung paano natutugunan ng proyekto ang mga sumusunod na pederal na konsiderasyon sa pagiging karapat-dapat.

- Epekto ng COVID: Kailangang matugunan ng mga aplikante kung paano ang mungkahi ay tumutugon sa mga negatibong epekto ng pandemyang COVID-19 sa pampublikong kalusugan at/o ekonomiya at sumusunod sa lahat ng hinihingi ng programang ARP.
- Kapasidad: Kailangan ng aplikante na magkaroon ng karanasan sa pagpapatupad ng minimum na isang (1) proyekto na katulad ng proyektong iminumungkahi.
- Pangmatagalang Epekto: Ang mga mapagkumpitensyang aplikante ay kailangang isaad sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon kung paano magkakaroon ng positibong pangmatagalang epekto ang mungkahi sa komunidad nito at benepisyo sa kabuuan sa komunidad sa pangkalahatan.
- Katatagang Pinansyal: Kailangang maipakita ang pangmatagalang pinansyal na kakayahan ng proyekto at katibayan na makukumpleto ang proyekto bago mag-12/31/26;
- Pag-uulat sa U.S. Treasury: Kakayahang (kung naaangkop o hiniling ng US Treasury) na bigyan ang U.S. Department of Treasury ng nauukol na pag-uulat para sa lahat ng gastos sa proyekto na lalampas ng $1, partikular na, kailangang magbigay ang lahat ng mungkahi ng salaysay ng kung paano matutugunan ng proyekto ang mga epekto ng COVID-19 sa kanilang munisipalidad at kung bakit pinakanaaangkop ang kapital na paggastang ito upang matugunan ang mga pinsala sa ekonomiya na dulot ng COVID.

Sa panahon ng aplikasyon, kakailanganin ng mga aplikanteng magsumite ng Pagsasapanahon ng Proyekto bilang katibayan na kayang matugunan ng proyekto ang mga patnubay na ito ng pederal na programa. Sasagutin din ng mga aplikante ang mga tanong na nilalapatan ng score sa kung paano matutugunan ng proyekto ang mga pederal na patnubay na ito sa programa.

Bukod dito, kailangang tiyakin ng mga aplikante na ang karapat-dapat na lokasyon ng Proyekto ay natutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

1) Ang mga proyekto ay kailangang maging nasa komersyal na corridor na inilalarawan para sa programang ito na: munisipalidad na itinalaga bilang “Target Urban Municipality” ng Housing and Mortgage Finance Agency o itinalaga bilang Neighborhood Preservation Program (NPP) Eligible Municipality ng DCA, o munisipalidad na may itinalagang “Transit Village” ng Department of Transportasyon;
2) Ang mga proyekto ay kailangang nasa munisipalidad na nakaranggo sa Nangungunang 25% ng DCA 2023 Municipal Revitalization Index (“MRI”); at
3) Ang proyekto ay kailangang matagpuan sa loob ng 1.5 milya ng aktibong Transit ng istasyon ng pampasaherong rail o light rail ng New Jersey, PATCO, PATH, o SEPTA na pinapatakbo sa katulad na munisipalidad, na natutugunan ang mga pamantayan sa itaas. (Ang mga lokasyon ay matatagpuan sa point data ng mga pangheograpiyang sistema ng impormasyon ng istasyon ng pampasaherong rail ng NJ DCA.)

Ang 31 munisipalidad na may mga lugar na karapat-dapat para sa Programa ay: Asbury Park, Bayonne, Belleville, Burlington City, Camden, City of Orange, Clifton, Dover, Dunellen, East Orange, Egg Harbor City, Elizabeth, Garfield, Hackensack, Hammonton, Jersey City, Linden, Lindenwold, Long Branch, Netcong, New Brunswick, North Bergen, Passaic, Paterson, Pennsauken, Perth Amboy, Plainfield, Rahway, Riverside, Trenton, at Union City.

Tandaan: Bagaman ang Atlantic City at Newark ay mga munisipalidad na natutugunan din ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng lokasyon sa itaas **hindi karapat-dapat** ang parehong lungsod para sa yugtong ito ng Programa dahil sa karagdagang pagpopondong natanggap ng bawat lungsod mula sa Yugo I ng programang A.R.T., kabilang ang iba pang mga paglalaan sa badyet ng FY24 na natanggap ng bawat lungsod sa pamamagitan ng Urban Investment Fund at Atlantic City Revitalization Grant Program.

Mga Karapat-dapat na Paggamit

Susuportahan ng Programa ang paglikha ng mga inisyatiba sa pagpapatupad ng pampublikong espasyo, tulad ng mga proyekto ng pagtatalaga, paglalagay ng pampublikong sining, at proyektong nakabatay sa sining. Maaaring kasama sa mga aktibidad na ito ang, ngunit hindi limitado sa mga eksibisyong pansining, pagtatanghal, kapistahan, parada, konsyerto o serye ng konsyerto, screening ng pelikula at video, at programang pangkultura. Maaari ring igawad ang pagpopondo upang suportahan ang mga gastos sa pagpapatakbo para sa aplikante upang ipatulad ang mga proyektong pansining o pagtatalaga.

Maaaring kasama sa mga hindi karapat-dapat na aktibidad ng proyekto ang, ngunit hindi limitado sa mga gastos sa pagkuha ng real estate, mga lease para sa real estate na may mga petsa ng pagkawala ng bisa na lumampas ng Disyembre 31, 2026, espasyo ng incubator, at konstruksyon ng real estate. Bukod dito, hindi karapat-dapat ang malalaking pagpapabuti sa imprastruktura, tulad ng mga kapital na paggasta kabilang ang, ngunit hindi limitado sa alkantarilya, maruming tubig, grid ng kuryente, pagpapatag ng daan, mga sistema para sa iniinom na tubig, at mga estruktura na nilalayong manatili pagkatapos ng Disyembre 31, 2026, kabilang ang demolisyon para lumikha ng bakanteng lupa.

Tandaan: Kailangang magsumite ang lahat ng aplikante ng pagsusuri sa Pinagmumulan at Paggamit sa Source & Use Form (Form ng Pinagmumulan at Paggamit) ng aplikasyon. Ang mga line item sa seksyon ng Pinagmumulan ay kailangang ilista ang lahat ng pinagmumulan ng pagpopondo kabilang ang mga pondong hiniling sa aplikasyon sa gawad ng Programa. Kung ang halagang hiniling sa aplikasyon para sa gawad ng Programa ay hindi nakalista bilang Pinagmumulan o kung ang mga Kabuuang Pinagmumulan ay hindi katumbas ng mga Kabuuang Paggamit, ang dokumento ng Pinagmumulan at Paggamit, kung gayon, ay ituturing na hindi kumpleto, at ang aplikasyon ay tatanggap ng hindi diskresyonaryong pagtanggi.

Mga Halaga ng Pinansyal na Tulong

Ang pinakamababang gawad na gantimpala para sa programa ay $100,000 at ang pinakamataas na gawad na gantimpala ay $500,000.

Maglalaan ang mga tauhan ng mga pondo sa mga aplikante batay sa naka-score na pagraranggo sa buong halaga ng dolyar na hiniling. Magpapatuloy ang prosesong ito, sa pagkakasunod-sunod na pababa ng mga score sa aplikasyon, na laging naglalaan ng buong halaga ng dolyar na hiniling, hanggang sa maubos ang lahat ng pondo ng programa.

Kung may mga natitirang aplikante, na hindi mapopondohan sa buong halaga ng dolyar na hiniling, ngunit nakakuha ng minimum na score na 65, abisuhan ng mga kawani ng NJEDA ang mga aplikante na pagkakasunod-sunod ng score na pababa at tutukuyin ang halaga ng mga makukuhang pondo ng proyeko. Magkakaroon ang aplikanteng ito ng 15 araw ng negosyo mula sa petsa kung kailan inabisuhan ng Authority na parehong (1) matanggap ang halaga ng mga makukuhang pondo at (2) magbigay ng katibayan ng pagmumulan ng karagdagang pagpopondo upang makumpleto ang badyet sa iminumungkahing proyekto. Ang katibayan ay maaaring sa anyo ng Letter of Intent (Liham ng Layunin), commitment letter (liham ng pangako), o mga bank statement (ulat ng nilalaman ng account sa bangko). Kung nagpasya ang aplikante na huwag tanggapin ang makukuhang halaga o hindi tinukoy ang karagdagang pagpopondo para kumpletuhin ang pagpopondo, hindi magiging kumpleto ang aplikasyon at ituturing na inurong ng NJEDA.

Pagsumite ng Aplikasyon at Proseso ng Pagrerepaso

Ang mga aplikasyon ay tatanggapin sa panahon ng mapagkumpitensyang aplikasyon sa pamamagitan ng online na portal ng aplikasyon ng programa, na **magbubukas mula Setyembre 26, 2024, sa ganap na 10 a.m. EDT Nobyembre 25, 2024, sa ganap 5:00 p.m. EDT.** Ang lahat ng aplikasyon ay pag-aaralan pagkatapos ng pagsasara ng panahon ng aplikasyon. Ang mga aplikasyon ay limitado sa isang aplikasyon kada EIN. Magsasagawa ang Authority ng pagrerepaso sa lahat ng isinumiteng aplikasyon para sa dokumentasyon ng pagiging karapat-dapat sa o pagkatapos ng petsa ng pagsasara ng panahon ng aplikasyon.

Bibigyan ang mga aplikante ng 10 araw ng negosyo upang magsumite ng kulang o hindi kumpletong dokumento na nauugnay sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ("cure period"). Kung ang aplikasyon ay nananatiling hindi kumpleto pagkatapos ng 10-araw na cure period, tatanggihan ang aplikasyon nang walang karapatang umapela. Kung nabigo ang aplikasyon sa pagtatakda ng pagiging karapat-dapat ng programa, tatanggihan ang aplikasyon.

Maaari ring humiling ang mga tauhan ng mga karagdagang tugon mula sa mga aplikante upang linawin ang dokumentasyon sa pagiging karapat-dapat at mga tugon sa aplikasyon.

Pag-score

Ang mga kumpleto at karapat-dapat na aplikasyon ay rerepasuhin at lalapatan ng score ng isang komiteng nagbibigay ng score sa ebalwasyon na bubuuin ng mga miyembro ng kawani. Ang mga aplikasyon ay kailangang magkamit ng **minimum score na 65 puntos** na irerekomenda ng Board para maisaalang-alang para maaprubahan, na magmumula sa aplikanteng may pinakamababang score na natutugunan ang minimum score, gaya ng nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan:

1. Ilarawan ang proyekto, kabilang ang mga tantiya sa gastos.

- **8 puntos** para sa mga pinal na plano at tantiya ng gastos.
- **3 puntos** para sa mga pangunahing plano o tantiya.
- **0 puntos** kung naiiba.

2. Ilarawan ang paggamit at pag-access sa site. Ang entidad ba ay kasalukuyang may kakayahang gumamit, o kumuha ng pahintulot na gumamit, ng site para sa mga layuning inilalarawan sa proyekto?

    - **7 puntos** kung ang aplikante ay nagpamalas ng paggamit at pag-access sa site.
    - **0 puntos** kung naiiba.

3. Ilarawan kung paano dadagdagan ng proyektong ito ang mga taong dumadaan sa lokal na komunidad batay sa mga umiiral na makasaysayang datos ng mga dumadaan tulad ng mga sukat sa pagdaan ng mga tao, pagbebenta ng tiket, bilang ng manunuod, o iba pang katulad na pagsukat.

    - **5 puntos** kung ang aplikante ay nagpamalas ng malaking pagtaas sa pagdaan ng mga taon [mas malaki sa 50% pagtaas].
    - **3 puntos** kung hindi kumpletong pagtaas [1% hanggang 50% pagtaas].
    - **0 puntos** kung walang pagtataas.

4. Ipaliwanag ang antas ng karanasan na mayroon ang aplikanteng organisasyon sa mga katulad na proyekto na nagpapamalas ng kanilang kakayahang makumpleto ang iminumungkahing proyekto nang matagumpay. Mangyaring isama ang anumang mga nakaraang proyekto na kinabibilangan ng aktibidad na nakabatay sa sining sa mga espasyong bukas sa publiko o mga munisipal na espasyo at ipaliwanag ang katayuan ng mga proyektong iyon.

    - **15 puntos** kung dalawa o higit pang proyekto ang nakumpleto.
    - **8 puntos** para sa isang proyektong nakumpleto; at
    - **0 puntos** para sa mga walang nauukol na halimbawa.

5. Ilarawan kung paano ang proyekto ay:

    a. Mag-ambag sa katatagan ng iyong komunidad pagkatapos ng COVID at pahupain ang mga epekto ng COVID.

    Magbigay ng mga halimbawa ng kung paano mapapahupa ng proyektong ito ang mga epekto ng COVID at bumuo ng katatagan ng komunidad sa pamamagitan ng panandaliang epekto nito (sa loob ng isang (1) taon ng pagkumpleto) sa lokal na ekonomiya, habang nauugnay ito sa mga lokal na negosyo, lokal na trabaho, produksyon/pagganap sa lokal na sining at kultura, eksibisyon, preserbasyon at/o

edukasyon. Magbigay ng mga karadgagang halimbawa ng pareho para sa pangmatagalang epekto ng proyekto (higit pa sa isang (1) taon ng pagkumpleto).

- **Hanggang 15 puntos** para sa tugon na nagpapamalas ng panandalian at pangmatagalang epekto.
- **0 puntos** kung ang proyekto ay nabigong ipakita ang pakikibahagi sa komunidad sa mga paraang tinukoy sa itaas.

b. I-activate ang bakante o hindi lubusang nagagamit na espasyo pagkatapos ng COVID.

Ang pag-activate sa bakante o hindi lubusang nagagamit na mga espasyo ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga pasilidad, silid-aralan, lugar ng produksyon, galerya, mga espasyo ng eksibisyon at pagganap, pampubliko at pribadong gusali, o bahagi ng mga gusali, pampubliko o pribadong walang laman/bakanteng lote o parsela; kalye, block at/o kapitbahayan; mga pampublikong espasyo tulad ng mga parke, palaruan, o paglalagay ng sining na naapektuhan ng COVID.

- **Hanggang 10 puntos** para sa tugon na nagpapamalas ng pag-activate ng hindi lubusang nagagamit na espasyo.
- **0 puntos** kung ang proyekto ay nabigong ipakita ang pakikibahagi sa komunidad sa mga paraang tinukoy sa itaas.

c. Mag-ambag sa pananaw ng komunidad pagkatapos ng COVID.

Ilarawan kung paano tinutugunan ng proyektong ito ang bisyon ng komunidad gaya ng inilalarawan ng mga plano, pag-aaral at/o pahayag ng county, munisipal, at/o kapitbahayan. Kabilang sa mga halimbawa ang mmga plano at pag-aaral na nakapokus sa sining na pangkomunidad at edukasyong pansining, pagpapaunlad ng ekonomiya, Main Street, Sustainable NJ, pagkaempresaryo ng maliit na negosyo, mga plano sa kultura at pamana, pagpapaunlad ng lokal na sining at kultura, pagpapanatili ng kasaysayan, promosyon ng paglalakbay at turismo, lokal na pagpapaganda at pagtatalaga, muling pagpapaunlad ng kapitbahayan, muling pagpapasigla ng kapitbahayan o iba pang mga plano.

- **Hanggang 10 puntos** para sa tugon na nagpapamalas kung paano tinutugunan ng proyekto ang bisyon ng komunidad
- **0 puntos** kung ang proyekto ay nabigong ipakita ang pakikibahagi sa komunidad sa mga paraang tinukoy sa itaas.

Hanggang 35 puntos KABUUAN para sa 5 (a), (b), at (c).

6. Ilarawan kung paano ang pangunahing pokus ng aplikanteng organisasyon ay nakasentro sa sining at kultura. Magbigay ng salaysay na hindi hihigit sa **250 salita** at hindi hihigit sa tatlong (3) sumusuportang dokumentasyon na nagpapakita ng pokus ng organisasyon.

Kasama sa sumusuportang dokumentasyon ang, ngunit hindi limitado sa, tsarter o mga dokumento ng pormasyon; mga gawad ng iba pang pederal/ estado/lokal na pamahalaan at/o pribado/pangkawanggawang gawad, gantimpala, premyo o iba pang mga benepisyo para sa mga aktibidad o proyektong nauugnay sa sining at kultura; mga dokumento ng pagkamiyembro sa lokal, pang-estado, pambansa o internasyonal na organisasyon na nauugnay sa sining at kultira, adbokasiya, promosyon o pampublikong serbisyo; katibayan ng dating pagtuturo o gawain ng eksibisyon na nauugnay sa sining at kultura; pagsali o pakikipagtulungan sa pag-aaral na akademiko, pang-ekonomiya o pampamahalaan na nauugnay sa sining at kultura; dokumentasyon ng taunang pagpoprograma, taunang ulat, taunang lagay ng pananalapi at iba pang mga dokumentong nagpapatunay ng pokus sa sining at kultura.

- **20 puntos** kung ang salaysay at sumusuportang dokumentong ibinigay upang ipamalas ito ay isang organisasyong nakapokus sa Sining at Kultura.
- **0 puntos** kung hindi.

7. Kung ang aplikanteng organisasyon ay makikipagtulungan sa indibidwal na alagad ng sining, magkakasamang alagad ng sining, non-profit na pansining at pangkultura, munisipal na entidad, grupong pangkomunidad, o entidad ng pribadong sektor, magbigay ng katibayan ng pakikipagtulungan sa pamamagitan ng Letter of Intent (Liham ng Layunin) na inaprubahan ng parehong entidad na kinabibilangan ng:
   a) kapakinabangan na inihahatid ng sosyohan sa proyekto,
   b) pangako sa saklaw ng proyekto,
   c) timeline para sa pagpapatupad at pagkumpleto ng proyekto,
   d) inaasahang pinal na produkto, at
   e) anumang iba pang mga personal, materyal, o pinansyal na mapagkukunan na inilaan sa proyekto (kung naaangkop).

   - **10 puntos** para sa letter of commitment mula sa isa o higit pang mga kasama.
   - **0 puntos** para sa letter of commitment mula sa kasama.

Tandaan: Sakaling dalawa o higit pang aplikasyon ang nagka-score ng parehong kabuuang bilang, ang rekomendasyon sa gawad ay gagawin batay sa bilang 1, gaya ng nakalista sa ibaba. Kung ang mga score sa aplikasyon para sa bilang 1 ay pareho rin, ang rekomendasyon para sa gawad kung gayon ay gagawin sa aplikasyong may pinakamataas na score batay sa bilang 2, gaya ng nakalista sa ibaba. Kung ang mga score ng aplikasyon para sa bilang 2 ay magkapantay rin, ang rekomendasyon para sa gawad kung gayon ay gagawin sa pinakamataas na score batay sa bilang 3, gaya ng nakalista sa ibaba.

1) MRI Index- host na munisipalidad ng proyekto na may pinakamababang MRI score ang irerekomenda sa Board.

2) Tanong 4- ang proyektong may mas mataas na score sa tanong 4 (ang antas ng

karanasan na mayroon ang aplikanteng organisasyon sa mga proyektong may katulad na saklaw) ay irerekomenda sa Board para sa gawad.

3) Tanong 5- ang proyektong may mas mataas na score sa tanong 5 (paano maaapektuhan ng proyekto ang lokal na ekonomiya, ia-activate ang bakante o hindi lubusang nagagamit na espasyo, at mag-ambag tungo sa katatagan ng komunidad sa pangkalahatan) ay irerekomenda sa Board para sa gawad.

Paglalabas ng Gawad na Pondo

Sa ilalim ng Programa, tatanggap ang aplikante ng buong ilalabas na gawad sa oras na maipatupad ang Kasunduan sa Gawad. Ilalabas lamang ng Authority ang pagpopondo sa inaprubahang karapat-dapat na aplikante.

Pagkatapos maipatupad ang Kasunduan sa Gawad, kakailanganin ng mga aplikanteng magsumite ng mga ulat kada tatlong buwan hanggang sa makumpleto ang proyekto. Magbibigay ang NJEDA sa aplikante ng template na sasamahan ng dokumentasyon na nagsasaad ng tamang paggamit ng mga pondo. Ang mga ulat kada tatlong buwan ay kailangang kabilangan ng mga pondong ginastos hanggang sa kasalukuyan, isang salaysay na nagdedetalye ng (mga) yugtong naisakatuparan at ang pag-unlad ng proyekto sa pangkalahatan, at katibayan ng umiiral na sahod/pagsunod sa Apirmatibong Aksyon.

Ang aplikante ang responsable sa pagtitiyak ng pagsunod ng proyekto sa lahat ng tuntunin at kondisyon ng aplikasyon, at mga kinakailangan sa pagpopondo ng Programa. Pinananatili ng Authority ang karapatang bawiin ang anumang mga pondong gawad na ginagamit para sa mga layuning hindi karapat-dapat.

Mga Singil sa Aplikasyon

Walang singil sa aplikasyon ang ipapataw para sa Programang ito.

Mga Karagdagang Kinakailangan at Impormasyon

Ang komprehensibong impormasyon tungkol sa Programa ng Pagpapatupad, Pagpapanumbalik, at Transpormasyon sa Yugto II - Produkto ng Pag-activate sa Pampublikong Espasyo ay makukuha sa Activation, Revitalization, and Transformation (A.R.T.) Programa - Yugto II - NJEDA

Ang mga tanong tungkol sa Abiso sa Pagkakaroon ng Pagpopondo ng Programang ito ay dapat isumite sa **ArtPhase2@njeda.gov**.

Napapailalim ang NJEDA sa mga batas ng Pamahalaan ng Estado at Pederal na Pamahalaan kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod, na maaaring maapektuhan ang mga kaanib: N.J.S.A. 52:32-60.1, at mga kasunod, na pinipigilan ang mga entidad ng pamahalaan ng New Jersey sa mga partikular na pakikipag-areglo sa mga negosyong sangkot sa mga ipinagbabawal na aktibidad sa Belarus o Russia; Pagsunod sa listahan ng "Mga Partikular na

Itinalagang National at Hinaharangang Indibidwal" na ipinahayag ng Office of Foreign Assets Control (OFAC), https://sanctionssearch.ofac.treas.gov; N.J.S.A. 24:6I-49 na nagsasaad na ang mga sumusunod ay hindi karapat-dapat sa karamihan sa mga insentibong pang-ekonomiya ng Estado at lokal na pamahalaan (a) isang indibidwal o entidad na inisyuhan ng lisensyang magpatakbo bilang nagtatani, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyong naghahatid ng cannabis, o taga-empleyo ng tagapangasiwa ng cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at (b) may-ari ng property, developer, o tagapagpatakbo ng proyektong gagamitin, ang kabuuan o bahagi nito, sa pamamagitan ng o upang mapakinabangan ng nagtatanim, tagamanupaktura, wholesaler, tagapamahagi, retailer, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis, o magpatrabaho sa nangangasiwa sa cannabis na sinertipikahan para sa personal na paggamit upang gampanan ang gawain para sa o sa ngalan ng establisimiyento, tagapamahagi, o serbisyo ng paghahatid ng cannabis; at N.J.S.A. 52:13D-12, at kasunod., na nagbabawal sa isang miyembro ng Lehislatura o isang opisyal o empleyado ng Estado o kanyang mga katuwang o korporasyon kung saan pag-aari o kontrolado ang mahigit 1% ng stock na gawin o ipatupad ang nasa kontrata, kasunduan, pagbebenta, o pagbili ng$25.00 o higit pa, na ginawa, pinasok, iginawad o ibinigay ng anumang ahensya ng Estado, na may mga partikular na limitadong eksepsyon.